Palabas na **balita**

# Ginagawang mas abot-kaya ang post-sekundaryong edukasyon

Pebrero 16, 2023

## Ang pamahalaan ng Alberta ay kumikilos upang mapabuti ang pagiging abot-kaya, tugunan ang inflation (pagtaas ng presyo) at gawing mas matatag at mahuhulaan ang matrikula para sa mga post-sekundaryong mag-aaral ng Alberta.

Ang ekonomiya ng Alberta ay matatag na nakabawi ngunit ang mga mag-aaral ay nahihirapang makasabay sa pagtaas ng halaga ng pamumuhay. Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa pagtiyak na ang post-sekundaryong edukasyon ay mananatiling nakukuha at abot-kaya para sa lahat ng mga Albertan. Iyon ang dahilan kung bakit ang Masulong na Edukasyon (Advanced Education) ay nagbibigay sa mga post-sekundaryong mag-aaral ng mga bago, pinagtutuunang suporta sa pagiging abot-kaya.

Bilang bahagi ng Badyet 2023, pinaplano ng pamahalaan na pahusayin ang pagiging abot-kaya para sa mga post-sekundaryong mag-aaral sa pamamagitan ng:

- Paglilimita sa pagtaas ng lokal na matrikula ng dalawang porsyento sa isang buong institusyon sa 2024-25 at para sa mga darating na taon ng akademiko.
- Pagbabawas ng mga antas ng interes sa mga pautang ng mag-aaral sa antas na prime, na makakatulong na bawasan ang halaga ng paghiram para sa kasalukuyan at sa hinaharap na mga nanghihiram ng pautang na mag-aaral sa Alberta.
- Pagdodoble ng palugit na walang interes sa pautang ng mag-aaral mula 6 na buwan hanggang 12 buwan upang bigyan ang mga mag-aaral ng mas maraming oras na makahanap ng kapaki-pakinabang na trabaho nang hindi na kailangang mag-alala tungkol sa mga pagbabayad ng pautang sa mag-aaral.
- Pagtataas ng mga limitasyon para sa Plano ng Tulong sa Pagbabayad mula sa $25,000 hanggang $40,000, para mas maraming mga mag-aaral ang maaaring makinabang sa programa.

Bilang karagdagan, ang pamahalaan ng Alberta ay nagbibigay ng karagdagang pondo upang madagdagan ang Kaloob sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Grant) ng $225 bawat buwan para sa bawat karapat-dapat na mag-aaral sa panahon ng 2022-23 na taon ng pautang.

"Ginawa ng mataas na inflation na maging mas mahal ang pamumuhay para sa lahat ng mga Albertan, kabilang ang mga mag-aaral sa post-sekundaryo. Ang mga bagong hakbang na inihayag ngayong araw ay makakatulong sa lahat ng mga mag-aaral na harapin ang mas mataas na mga gastos sa mga mapanghamong panahong ito."

*Demetrios Nicolaides, Ministro ng Masulong na Edukasyon*

Ang pamahalaan ng Alberta ay nagbigay kamakailan ng pinakamalaking pakete ng tulong sa inflation sa Canada, na may makabuluhang nakabatay sa malawak at naka-target na mga suporta. Tinitiyak ng mga aksyon ngayon na ang mga post-sekundaryong mag-aaral ay makakatanggap din ng mga pinagtutuunang suporta sa pagiging abot-kaya.

“Ang mga bagong hakbang na ito sa pagiging abot-kaya para sa mga mag-aaral ay isang mahalagang karagdagan sa aming Plano ng Aksyon sa Pagiging Abot-kaya, at binibigyang-diin ang aming pangako sa mga mag-aaral, at sa pagpapanatiling abot-kaya ng Alberta."

*Matt Jones, Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Palingkurang-bayan*

Mahigit sa 10,000 mga mag-aaral na mababa ang kita ang tumatanggap ng pondong ito. Ang pagpapalaki ng pondo sa Kaloob sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Grant) ay nangangahulugan na ang mga karapat-dapat na mag-aaral ay tumatanggap na ngayon ng hanggang sa kabuuang $475 bawat buwan.

Ang karagdagang bawat buwang pagpopondo ay magiging retroactive, ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng karagdagang $225 bawat buwan na epektibo sa simula ng 2022-23 na taon ng akademiko, sa anyo ng isang kabuuang halaga na pagbabayad. Ang mga mag-aaral na tumatanggap ng karagdagang pondo mula sa Kaloob sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Grant) ay aabisuhan ng Tulong sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Aid) sa Marso. Dapat din silang makatanggap ng karagdagang pondo mula sa tulong ng mag-aaral sa panahong ito.

"Ang anunsyo ngayong araw ay nagmamarka ng pagpapatupad ng mga matagal nang kahilingan mula sa mga pinuno ng mag-aaral tungkol sa pagiging abot-kaya. Sa ngalan ng mga mag-aaral ng Alberta, napakagandang makita ang nadagdagang pagsisikap upang matiyak na ang post-sekundaryo ay mas makukuha at abot-kaya para sa lahat."

*Samantha Scott, Konseho ng mga Mag-aaral sa Unibersidad ng Alberta [Council of Alberta's University Students (CAUS)], tagapangulo*

"Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa tumataas na gastos sa pagpasok sa post-sekundaryo. Natutuwa kaming makitang napapakinggan ang mga boses ng mag-aaral at ginagawa ang mga hakbang para matugunan ang pagiging abot-kaya."

*Janmejay Rao, ang Panlalawigang Konseho ng Pagtataguyod sa Nagtapos ng Alberta [Alberta Graduate Provincial Advocacy Council (AbGPAC)], kasamang tagapangulo*

Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa pagtiyak na ang post-sekundaryong edukasyon ay makukuha at abot-kaya. Ang mga hakbang na ito ay magpapagaan sa epekto ng inflation upang ang mga post-sekundaryong mag-aaral ay makapagtuon sa kanilang edukasyon at hindi gaanong mag-alala tungkol sa pagbabayad ng mga bayarin. Gagawin din ng mga ito na mas madali para sa mga nanghihiram ng pautang sa mag-aaral na gawin ang kanilang mga pagbabayad sa utang at epektibong lumipat sa puwersa ng manggagawa.

## Kaugnay na impormasyon

[Alberta 2030: Bumubuo ng mga Kasanayan para sa mga Trabaho]

## Mga katanungan sa media

Sam Blackett

Sam.Blackett@gov.ab.ca

587-589-6048

Kalihim ng Press, Masulong na Edukasyon